

Impormasyon para sa internasyonal na manggagawa sa agrikultura

● Patalastas mula sa Kawakami Village

Ang Kawakami Village ay isang village ng agrikultura kung saan pangunahing ginagawa ang mga gulay sa matataas na dako gaya ng lettuce at Chinese cabbage.

Bagaman pinakamarami ang produksiyon ng lettuce dito sa buong Japan, hindi ito nakakayanan ng mga magsasaka kung walang suporta mula sa inyo. Ang pagtatrabaho sa sakahan ay nagsisimula nang napakaaga at mahirap, pero inaasahan namin na masisiyahan kayo sa inyong panahon sa Kawakami Village. Tuloy-tuloy pa sa Japan ang epekto ng COVID-19. Idinudulot ng Delta variant nito ang malubhang pagkakasakit kahit sa mga kabataan. Kaya, pakisuyong gumawa ng higit na pag-iingat sa inyong sarili.

● Paglikas dahil sa bagyo, malakas na ulan, at lindol

Kung mangyayari ang sakuna, ilalaan ng village ang mga instruksiyon gaya ng mga utos sa paglikas; lumikas nang tahimik ayon sa mga instruksiyon mula sa mga magsasaka.

Mabilis na tataas ang tubig sa ilog; kaya, huwag lumapit sa ilog.

● Pagbebenta ng Gift Certificate ng Kawakami Village

Ibinebenta namin ang mga premium gift certificate na magagamit ninyo sa mga tindahan, atbp. sa loob ng village. Ibibigay sa inyo sa mail ang impormasyon tungkol dito. Huwag iyong palampasin.

● Gumawa ng mga hakbang sa proteksiyon laban sa COVID-19 (may kalakip na leaflet)

Mga tip na dapat tandaan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19: Kung sa labas kayo gagawa ng trabaho sa bukid na halos hindi kayo mag-uusap, puwede ninyong tanggalin ang mask para maiwasan ang heatstroke. Pero, kapag nagtitipon ang mga tao, magkakasamang kumakain ng tanghalian, at nakikipag-usap sa isa't isa nang malapit, dapat isuot ang mask kahit kailan praktikal itong gawin.

● Konsultasyon tungkol sa COVID-19

Pakisuyong tumawag sa numero ng telepono sa ibaba kapag mayroon kang lagnat, ubo, o iba pang problema sa kalusugan.

Bagong Call Center Tungkol sa COVID-19 sa Iba't Ibang Wika sa Nagano Prefecture, na matatawagan nang 24 oras sa isang araw

Numero ng telepono para sa pagtawag na walang bayad 0120--974--998

● Bakuna sa COVID-19

Puwedeng bakunahan ang mga internasyonal na manggagawa sa agrikultura na naninirahan sa Kawakami Village. Ipinadala na ang notification form nito; pakisuyong tiyaking mabakunahan ka.

● Mga tulong na salapi para sa test ng PCR at antigen

Sasagutin ng Kawakami Village ang mga gastusin ng mga test na iyon para sa internasyonal na manggagawa sa agrikultura na naninirahan sa village. Matatanggap ang mga test na walang anumang sariling gastos. Maglalaan din ang village ng mga test para sa internasyonal na manggagawa sa agrikultura na hindi rin naninirahan sa village. Kapag mayroon kang kopya ng kontrata sa pag-eempleyo sa magsasaka, makakatanggap ka ng tulong na salapi.

[Sa panahon ng problema]

● Konsultasyon tungkol sa karapatang pantao

Kapag ikaw ay sinisiraang-puri o pinagpakitaan ng diskriminasyon, pakisuyong tumawag sa numero ng telepono sa ibaba para sa konsultasyon.

Hotline Tungkol sa Karapatang Pantao sa Banyagang Wika ng Nagano Prefecture, na matatawagan sa 9:00 a.m. ~ 5:00 p.m. sa weekdays

Telepono: 0570--090911

[Mga tagubilin at pag-iwas sa krimen]

- **Pagtatapon ng basura sa village na ito**

Mayroong mga patakaran gaya ng paghahati-hati ng basurang itatapon

Puwede mong i-download ang tsart ng paghahati-hati ng basura sa English at Vietnamese mula sa banner ng pagtatapon ng basura.

Gamitin ang itinakdang lalagyan para itapon ang basura mo sa itinakdang araw sa linggo sa itinakdang lugar.

- **Istrikong pagsunod sa mga patakaran sa trapiko**

Pakisuyong sundin ang mga patakaran sa trapiko at mabuting asal habang nagbibisikleta.

Mapanganib na sumakay sa bisikleta ang dalawang tao, na walang ilaw, at na magkatabi. Huwag magmaneho ng sasakyan na walang lisensya.

- **Mga hakbang laban sa pagnanakaw sa bahay**

May ilang pangyayari na pumasok sa inyong tuluyan ang mga magnanakaw at kumuha sila ng pera at iba pang bagay. Huwag iwan sa inyong kuwarto ang maraming pera, at dapat tiyakin na nakasara ang lahat ng bintana at pinto.

[Paghiling]

Huwag mag-stalk sa mga bata o kumuha ng kanilang letrato na walang pahintulot.